Magkasundo

ALLMO$T

Ibibigay ko sa 'yo ang lahat ng gusto
'Wag ka mag-alinlangan sa 'kin, ako'y totoo
'Di mag-aaway, palagi tayong magkasundo
Saan ka man, ikaw ay hahatid ko't sundo
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon

Hindi talaga magbabago, aaminin ko sa 'yo
Mas lalo pa 'kong napapamahal, sana madama mo
Kung pa'no tayo dati ang sarap lang tanawin
Tipong 'di natin hahayaan ang isa't isa ma-seen
Pwede bang magpakilala, sana 'wag ma-reject
Araw-araw hinahanap, ganu'n ba ang effect
Baka pwedeng makatawag, gusto kang marinig
Pa'no ba mapapapayag, ako'y nasasabik
Lalo na kapag hindi mo alam
Na sa ngiti mo pa lang
Ay para na 'ko agad hihimatayin
Pa'no pa kaya ngayon na
Baka mapatanong ka
Kung bakit kaya 'gang ngayon minamahal pa rin

Ibibigay ko sa 'yo ang lahat ng gusto
'Wag ka mag-alinlangan sa 'kin, ako'y totoo
'Di mag-aaway, palagi tayong magkasundo
Saan ka man, ikaw ay hahatid ko't sundo
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon

Kung 'di mo lang alam
Ikaw lang talaga ang pinangarap ko na makasama
Sadyang nakaabang
Palagi nang nanabik kapag ikaw ang hinahanap
Kasi ikaw lang
Ang tanging nandyan para sa 'kin
Kaya biglang tinamaan
Nang 'di ko rin akalain, yeah
Ibibigay ko sa 'yo ang lahat ng gusto
Basta magtiwala ka lang sa 'kin
Ako ay totoo

Ibibigay ko sa 'yo ang lahat ng gusto
'Wag ka mag-alinlangan sa 'kin, ako'y totoo
'Di mag-aaway, palagi tayong magkasundo
Saan ka man, ikaw ay hahatid ko't sundo
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon

Ano pa bang gusto mong matignan
Pwede naman nating puntahan
Basta para sa 'yo 'di mawawalan

Ng napakadaming paraan
Gusto kitang mapasaya at 'di mo malimutan
Ang lahat ng alaala simula pa lamang
Nang makilala ka wala nang pwede makaharang
Sa pag-iibigang pangarap ko na matagalan
Ikaw ang gusto kong mapangasawa
Makasama, hanggang sa pumuti buhok at tumanda na
'Di kita pagpapalit, ayan pangako
Pagmamahal ko para sa 'yo ay 'di maglalaho

Ibibigay ko sa 'yo ang lahat ng gusto
'Wag ka mag-alinlangan sa 'kin, ako'y totoo
'Di mag-aaway, palagi tayong magkasundo
Saan ka man, ikaw ay hahatid ko't sundo
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon

Ang sarap naman na ika'y sa akin lang
Ilang taon man ang lumipas, pangakong tayo lang
Ang magsasama kasi nga tayong dalawa ay iba
Sa kanila palagi tayong tumatawa
Sa mga araw na nalulungkot ako
Ikaw ang bumubuo at ang kailangan ko
Kaya asahan mo

Ibibigay ko sa 'yo ang lahat ng gusto
'Wag ka mag-alinlangan sa 'kin, ako'y totoo
'Di mag-aaway, palagi tayong magkasundo
Saan ka man, ikaw ay hahatid ko't sundo
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon
Kung paano tayo dati (hey!)
Ay ganu'n pa rin ngayon

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!